REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Hulyo 24, 1997

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 272, s. 1997

KONGRESO NG WIKA

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino alinsunod sa Proklamasyon Blg. 19 na "Nagtatadhana ng Pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa Tuwing Agosto 13-19 Taun-Taon", ay magdaraos ng Kongreso ng Wika sa Agosto 14-15 sa Philippine Columbian, Plaza Dilao, Paco, Maynila sa ganap na ika-8:00 n.u. - 4:00 n.h.

2. Ang paksa ng pagdiriwang ay "Ang Wika ng Rebolusyon: Noon at Ngayon", na kaugnay sa pagdiriwang ng Taon ng Diwang Pilipino 1997 alinsunod sa Proklamasyon Blg. 946.

3. Layunin ng kongreso ang mga sumusunod:

   a. Matalakay at mapangalagaan ang ginampanan ng wika sa panahon ng rebolusyon na naging dahilan ng pagkakaroon ng kasarinlan ng Pilipinas noong 1898; at

   b. Maituro sa mga paaralan at mabigyang-diin na ang pag-aaral ay isa sa pinakamabisang paraan ng pagtuturo ng mga pagpapahalagang Pilipino na katulad ng ginawa ng mga rebolusyunaryo at mga martir ng Bagumbayan.

4. Ang dapat na dumalo sa kongresong ito ay ang mga superbisor/guro (kung may papalit sa kanilang mga guro sa pagtuturo ng kanilang mga klase) sa rehiyon/dibisyon, isa (1) sa Araling Panlipunan (Social Studies), isa (1) sa Filipino at isa sa Edukasyong Pagpapahalaga (Values Education) sa bawat rehiyon.

5. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim sa kaukulang kautusan at alintuntunin ng pag-aawdit ang gastos sa transportasyon ng bawat dadalong kinatawan patungong Maynila at pabalik sa kanilang rehiyon/dibisyon. Sasagutin ng Komisyon sa Wikang Pilipino ang pagkain sa dalawang araw ng kongreso. Para sa mga dadalong kinatawan, mangyaring makipag-ugnayan para sa reserbasyon at iba pang impormasyon kaugnay nito sa:


Komisyon sa Wikang Pilipino
Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel St.
Malacanang Annex, San Miguel, Maynila
Telepono Blg. 734-55-46/734-55-47


6. Hinihiling ang pagpapaabot ng Memorandum na ito sa lalong madaling panahon sa lahat ng mga kinauukulan.

ANTONIO E. B. NACHURA
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kawaksi

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
CONFERENCES
OFFICIALS
TEACHERS